San Francisco International High School

Isang Maliit na Paaralan ng SFUSD na Nagbibigay ng Pang-akademika, Pang-linguwahe, at Pangkulturang Pagsulong para sa mga Imigranteng Mag-aaral.

Ang San Francisco International High School ay isang bagong paaralang **magbubukas sa Agosto 2009.** Ang paaralan ay nagninilbihan sa populasyon ng mga mag-aaral na mga bagong dating na imigrante na dumating sa bansa ng di hihigit sa apat na taon at natututo pa lamang ng wikang Ingles. Kasalukuyan kaming nagpapalista ng mga Ika-9 baitang na mag-aaral para sa pampaaralang taong 2009 – 2010. Lahat ng aming mga guro ay nagsanay na magturo sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pananalita, panunulat, at pagbabasa sa wikang Ingles. Sa pagta-trabaho sa maliliit na pangkat, natututo ang mga mag-aaral ng pang-akademikong nilalaman, sining, musika at teknolohiya sa pamamagitan ng kawili-wili, matindi, at hands-on na proyekto habang natututunan nila ang kanilang bagong wika.

Kami'y matatagpuan sa kanto ng 18th at Dolores, sa ika-4 na palapag ng kampus ng Mission, sa tapat ng Liwasang Mission Dolores

Piliin ang SF International!

- **Ang Internationals Network for Public Schools ay mayroong higit sa 20 taon ng karanasan ng gawaing kasama ng mga bagong imigranteng mag-aaral na natututo pa lang ng Wikang Ingles.**
- **Ang aming paaralan ay nagbibigay ng ligtas at magpag-kalingang kapaligiran na makakatulong sa paghahanda ng imigranteng kabataan para sa kolehiyo at sa mundo.**
- **Ang bawa't mag-aaral ay kinikilalang mabuti at sinusuportahan upang magtagumpay. Kami ay isang maliit na paaralan na may maliliit na klase. Ang struktura ng aming lupon ay nagbibigay-daan sa pagpapahalaga sa sarili, pag-unlad, at tagumpay para sa aming mga mag-aaral.**
- **Walang matrikula para sa mga mag-aaral! Ang SFIHS ay isang libreng pampublikong paaralan na bukas ang enrolment sa lahat ng mga bagong imigranteng mag-aaral.**
- **Ang mga mag-aaral namin ay lumalahok sa mga internship, mga serbisyong pampubliko, at serbisyong pangkaalaman sa loob ng higit na malaking komunidad.**
- **Ginagamit namin ang mga lakas na dala ng bawat mag-aaral sa paaralan upang matulungan silang isulong ang kanilang bagong wika at upang matutunan nilang makibagay sa kanilang bagong kultura habang inihahanda sila sa akademika na makatungo sa kolehiyo.**

415-828-6991 ▪ 3750 18th St. SF CA 94114 ▪ www.sfihs.com ▪ geerdess@sfusd.edu